

# Ang Wagayway ng Kabihasan sa Mindanaw at Sulu

## *The Waves of Empire in Mindanaw and Sulu*

SITTI HUSNA J. AHAMAD, LPT, MA  
Tawi-Tawi Regional Agricultural College  
yerajanadi@gmail.com

*Abstract* — Ang papel na ito ay nagninilay sa personal, politikal, at akademikong danas sa isla rehiyon ng Mindanaw at karatig na arkipelago ng Sulu. Minamapa ang mga kasaysayan at naratibo na kakabit ng kolonyalismo – mula sa naganap na Bud Dajo massacre na pumatay sa halos 600 hanggang 1000 Moro hanggang sa Jabitah massacre noong 1968 at hanggang sa kasalukuyang panahon ng neoliberalismo – na nagbibigay hulma sa naiwang bakas, marka, at latay na dumadaloy at umaagos bilang alon ng imperyo sa pang-araw-araw na buhay ng mga taong nilukob. Sa huli, sa pamamagitan ng isang maikling pelikula mula Tawi-Tawi na may pamagat na Manis ma Pikilan (*Beauty in My Mind*) (2018), sinuri at ipinaliwanag ko kung papaaanong ang imperyo ay patuloy na nakikipagtalasatasan sa animo’y nagbabagong panahunan ng pangnagdaan, pangkasalukuyan, at panghinaharap.

### I. Introduction

Malimit akong minumulto ng alaala ng tagpong iyon sa paliparan, nakaupo ako’t nakatanghod habang naghihintay sa pabatid na maaari nang pumasok ang mga pasahero sa eroplano. Madalas akong namamangha sa talinghaga ng lunan ng paliparan – kung papaanong mabilis ang kilos ng mga paroo’t parito at kung papaanong hindi matiyak kung sino ang lumilisan at nagbabalik. Isa akong Tausug na ipinanganak at lumaki sa probinsya ng Tawi-Tawi. Ang Sulu ay katabing probinsya lamang ng Tawi-Tawi kaya kapag galing ng Jolo, Sulu sasakay ng barko ay aabutin nang limang oras bago makarating sa Bongao, Tawi-Tawi. Samantala, kapag galing Zamboanga sasakay ng eroplano ay aabutin naman ng 45 minuto at makarating na sa Bongao, Tawi-Tawi.

Nang tawagin na ang mga pasahero para sa eroplanong sasakyan ko patungo sa paliparan sa Sanga-Sanga, mabilis kong inayos ang lahat ng gamit ko upang pumila. Kakaunti lamang ang mga pasaherong naghihintay sa maliit na espasyong inilaan para sa amin na tutungo sa Tawi-Tawi. Tig-isang beses lamang sa isang araw lumilipad ang eroplano ng dalawang tanyag na *airlines* mula lungsod ng Zamboanga hanggang Sanga-Sanga. Pagdungaw ko sa bintana ng paliparan, tumila na ang ambon mula sa kaninang nakaambang pag-ulan; gumuguhit na ang sinag ng araw sa langit na humahawi sa masusungit na ulap. At habang papasok na sa eroplano patungo sa aking destinasyon, lumilinaw na ang imahen ng paliparan sa lungsod ng Zamboanga na ang wangis ay tulad ng *lepa* (*houseboats*).

Sa loob ng eroplano mula lungsod ng Zamboanga patungong Sanga-Sanga, inilaan ko ang halos 45 minuto sa pagmamasid sa mga nakikita: animo’y lulan ako ng isang bangka na binabaybay mula himpapawid ang mga natatanaw sa ibaba na magkakahiwalay na mga pulo – mayroong iba-ibang lawak at sukat – na bumubuo sa arkipelago ng Sulu. Sa una’y tumambad ang isla probinsya ng Basilan at pagkatapos ay ang kalat-kalat na mga isla na bumubuo sa probinsya ng Sulu kung saan mababanaag ang Bundok Tumantangis, susundan ang natatanaw ng asul na asul na karagatan na hindi maaninag ang hanggahan ng posibilidad, at muli, tatambad ang magkakahiwalay na mga isla sa probinsya ng Tawi-Tawi. Isang bangka sa alapaap ang eroplano na lumilipad kahit na walang pakpak.

Ang materialidad ng pagtanaw at paggagap sa nasusumpungan mula sa itaas ng eroplano ang maaaring dalumat ng planetaryong katubigan na nagbibigay ng pag-iral sa mga hiwa-hiwalay na kalupaan bilang pulo at kapuluan na napalilibutan ng tubig. Mababanaag sa ganitong pagtunghay ang binabanggit ni Elizabeth M. DeLoughrey na sa balarila ng imperyo, ang pagkakalayo (*remoteness*) at pagkakabukod (*isolation*) ay kawangis ng dalumat ng espasyo ng kapuluan na sinasabing mahalaga sa pamamayani ng kolonyalismo (8). Sa ganitong konteksto, nagiging malinaw ang pagharaya sa pulo at kapuluan bilang kayarian ng imperyalismo.

Nagiging makabuluhan sa ganitong pagtanaw ang masalimuot na kasaysayan ng Mindanaw at Sulu na kung minsan ay nakakaligtaan sa mga dakilang naratibo na lagi’t lagi’y itinatanghal sa sentro. Isang mariing halimbawa nito ang patuloy na lamentasyon sa araling Mindanaw at Sulu kung papaanong naisama ang isla rehiyon ng Mindanaw at karatig na arkipelago ng Sulu nang ipagbili ng Espanya sa Estados Unidos ang mga nasakop nitong bansa sa pamamagitan ng Kasunduan sa Paris noong 1898. Bagaman malaking bahagdan ng populasyon sa Mindanaw at Sulu ang hindi tuwirang nasakop ng kolonyalismong Espanyol, liban sa mga lugar na malapit sa karagatan, naging kabilang ang mga ito sa hinaharayang pag-aari ng Espanya na kinailangang ipagbili sa Estados Unidos. Masasabing isa ito sa sinasabing hudyat sa malawakang digmaan at patayan sa isla rehiyon at karatig na arkipelago na nagbunga ng paglukob sa pagsisimula ng ika-20 dantaon. Hindi sapat ang mga institusyonalisadong pamamaraan sa pamamagitan ng “mapagkandiling proteksyon” upang maging ligtas ang mga Moro sa kolonyalismo at imperyo. Tila nawalan ng pangil ang Kasunduang Kiram-Bates ng 1899 na nagsasaad na hindi makikialam ang Estados Unidos sa usaping panrelihiyon, batas, at kalakalan sa Sultanatong Sulu, at ang Philippine Act 253 ng Oktubre 1901 na nagpapatibay: “Ang marahas na pagsupil ay inaagapayan ng administratibong paternalismo batay sa kolonyal na pagtingin na, bilang mga di-Kristiyano, ang mga Muslim ... ay nangangailangan ng karagdagang pagtuturo at proteksyon upang dalhin sila sa pag-unlad ng sibilisasyon” (mula sa Abreu 220). Lumilitaw sa sipi ang pagtingin sa mga Moro bilang hindi sibilisado na kinakailangang isailalim sa pananakop upang maging ganap na Kristiyano na para sa Estados Unidos ay ang simula, kalahati, at wakas – ang batayan at lunduyan ng pagiging tao.

Sa unang bugso ng kolonyalismong Estados Unidos, isinakatuparan nila ang mga layon ng imperyo na hindi nagawa ng mga Espanyol – ang pagpapalawig sa saklaw na sinakop sa isla rehiyon ng Mindanaw at karatig na arkipelago ng Sulu. Bangungot, halimbawa, na maituturing ang naganap na pagpatay sa mga Moro na humanap ng kanlungan sa bibig ng patay na bulkan ng Bud Dajo sa Jolo noong 1906. Bunsod na rin ng layuning makaiwas sa ipinapataw na buwis sa cedula at balita hinggil sa paglipol sa relihiyong Islam upang palitan ng Kristiyanismo, tinatayang nasa 600 hanggang 1000 Moro ang umakyat sa Bud Dajo. Binubuo sila ng mga lalaki, babae, at bata na nagnanais ibukod ang kanilang komunidad sa ipinapataw na batas at tuntunin ng mga bagong mananakop. Ngunit sa gabay ng mga aspirasyon hinggil sa pagtatagumpay ng imperyo, at sa paghikayat at pangunguna ng presidente ng Estados Unidos na si Theodore Roosevelt at heneral na si Leonard Wood, nilusob ng mga sundalong Amerikano ang kaligiran ng bundok upang magapi ang nananatili roon na Moro. Malagim ang kinahinatnan ng paglukob na sinasabing kumutil sa halos 600 hanggang 1000 na Moro. Ginapi ng mga riple at malalaking baril ang talim ng armas ng mga Moro. Sang-ayon sa mga tala ukol sa naganap na pagpatay sa Bud Dajo, wala ni isang Moro ang nakaligtas at nabuhay mula sa karahasan (Hawkins 84; Dphrepaulezz 64).

Ngunit animo’y multo ang naganap na karahasan sa Bud Dajo na hindi naiwan sa nakalipas kung hindi patuloy na bumabalik sa kasalukuyan at maaaring manatili hanggang sa hinaharap. Ituring man ito bilang nakalimutan at nakaligtaang karahasan ng pagpatay sa kasaysayan ng imperyo ng Estados Unidos, isang materyal na larawan ng tagpo sa Bud Dajo ang patuloy na magpapaalala sa kalupitan at karahasan na naganap sa mga Moro. Ang ganitong realidad ng pagbubura ay mauugat sa aktibong pakikilahok ng Estados Unidos hinggil sa proyekto nito ng pambansang paglimot sa neokolonyal na kasaysayan at kasalukuyang pag-iral sa daigdig (Campomanes 1995). Ngunit ano’t ano pa man, mananatiling piraso ng bubog ang naganap na pagpatay sa Bud Dajo na tuwinang magsisilbi bilang materyal na alaala ng imperyalismo.

Sa larawan na nakuha ni Andrew J. Bacevich sa The National Archive, matutunghayan ang ilang sundalong Amerikano na naka-pustura at mayroong matikas na tindig habang nasa ibaba nila, natatapanan, ang nakasalansan at nagkalat na bangkay ng mga Moro na animo’y kinatay na hayop. Matiim ang pagkakatingin ng mga sundalo sa lente ng kamera, animo’y nasa entablado silang pinaarte hawak-hawak ang kanilang mga baril na naghahayag ng gahom, at naglalahad ng pagsasakatuparan at pagtatagumpay ng kanilang mithiin hinggil sa paglipol sa mga Moro. Sa ganitong konteksto, ang isang malagim na pangyayari ay pumapalaot patungo sa isang biswal na materyal na tinutunghayan kung saan ang tumutunghay at tagamasid ay maaaring magpatianod sa ibang paraan ng gawi at pihit ng imperyalismo. Marahil, ito ang binabanggit ng iskolar at kritikong si Oscar Campomanes (2011) hinggil sa paglikha ng Estados Unidos ng politikal at kultural na arkibo na animo’y nagpapatunay sa kawalang kakayahan ng mga bansang sinasakop tulad ng Pilipinas na makapagsarili at makatayo sa sariling paa. Maaaring sabihin na bahagi ang larawan sa Bud Dajo sa pagnanasa ng Estados Unidos na makalikha ng “lilim na arkibo” (*shadow archive*) ng mga imahen, idea, at dalumat sa pamamagitan ng mga biswal na kultura tulad ng larawan na ang layon ay iwagayway ang hangarin sa pagpapalawig ng imperyo (48). Naisakatuparan sa

ganitong pangyayari ang mithiin ng imperyalismo na hindi nagawa ng mga Espanyol sa Pilipinas, lalo sa isla rehiyon ng Mindanaw at karatig na arkipelago ng Sulu.

Sa obserbasyon ni Sarita Echavez See, ang mga imahen na kaugnay ng paglukob ay nagkakaroon ng posibilidad na maging espektakulo lalo na sa pagbagtas nito sa proseso ng pagkakaroon ng estetika. Sa ganitong pagbasa, lumaganap sa biswal na kultura na umuusbong sa panahong pinalalawak ng Estados Unidos ang saklaw nito, ang paraan ng pagbubura sa malagim at marahas na naratibo ng imperyalismo (2). Sa tambisan ng natatanaw (*visibility*) at hindi natatanaw (*invisibility*), pinapaalala ni Nerissa Balce (2016) ang ironiya na kaakibat ng natatanaw mula sa kuwadro at lente ng kamera patungo sa tinutunghayang larawan – na bagaman mayroong pagkilala ng pag-iral – ay naghahayag din ng pagkawala at pagkabura ng mga kondisyong nakaugnay sa natatanaw.

Ito, marahil, ang naramdaman ko habang tinatanaw at tinutunghayan ang mga nakikita mula eroplano sa lawas ng katubigan kung saan may sumusulpot na maliliit na pulo sa kabuuan ng arkipelago ng Sulu. Bago sa pagtanaw ko ang mga nakikita at ako bilang tagatunghay ng mga imahen sa kalikasan ay sumasailalim sa proseso ng paglililok sa mga bagay na natatanaw na hinuhulma ng kung ano ang nalalaman at pinaniniwalaan. Sumusunod ito sa pagtataya ni John Berger na ang ugnayan ng kung ano ang natatanaw at kung ano ang nalalaman ay isang proseso (7). Hudyat ang natatanaw na imahen ng arkipelago ng Sulu, mula sa himpapawid, ng sapin-saping realidad ng digmaan, krimen, karahasan, pananamantala, pagmamalabis, at kolonyalismo na nakaukit sa materyal na kasaysayan at pandama ng katubigang lumilibot sa mga isla.

## II. Methodology

Mayroong 11 isla munisipalidad sa probinsya na ang bawat isa ay maaaring mahulog sa parikala na pinaghihiwalay ng katubigan sa isang banda, o kaya naman ay pinagdudugtong ng katubigan sa kabilang banda. Sa lahat ng ito’y iisa ang realisasyon ko, tama nga si Harry Arlo Nimmo nang banggitin niya sa kanyang aklat na *The Songs of Salanda* na “nakalalasing ang rikit ng mga isla sa Tawi-Tawi” na kung minsang’y maaari nang makulong sa bitag ng romantismo at eksotismo (237). Ngunit sa kabila ng likas na rikit ng mga lugar sa Tawi-Tawi, lumilitaw pa rin kahit na anong pagkukubli, ang maraming taon nang pananamantala, pandarahas, at pagpapabaya.

Isa sa mga unang pinuntahan ko ay ang Badjao Village, isa sa mga lunan sa Bongao kung saan kinunan ng eksena ang pelikulang *Thy Womb* (2012). Binisita ko ang bahay kung saan sinasabing namalagi ang karakter ni Nora Aunor bilang Shaleha na may angking gahom ang mga kamay sa paghabi ng tepoh (banig) at pagtulong sa mga inang nagluluwal ng sanggol sa komunidad ng mga Sama Dilaut. Tadtad ng idioma at ironiya ang karakter ni Shaleha, gumagabay siya sa pagpapaanak ng sanggol ngunit hindi niya mabigyan ng sanggol ang kanyang asawang si Bangas-an. Sa pihit ng naratibo ng pelikula, humanap ang mag-asawa ng magiging ikalawang kabiyaq ni Bangas-an na maaaring magbigay sa kanila ng supling. Ngunit kalaunan, ito rin ang magsisilbing

tunggalian nang hilingin nang bagong asawa na sa sandaling makapagluwal siya ng sanggol ay kinakailangan nang hiwalayan ni Bangas-an si Shaleha. Hitik ang pelikula sa mga elemento ng pelikula na naglulunoy sa matalinghagang imahen at mga tanawing binigyan ng panibagong bihis at estetika sa kuwadro at lente ng kamera. Ngunit kapansin-pansin din ang tila pagkukulang ng pelikula sa pananaliksik sa buhay at haraya ng mga Sama Dilaut lalo na sa aspekto ng ugnayang panlipunan. Halimbawa, bagaman naniniwala ang mga Sama Dilaut sa “magbugit” (divorce) lalo na kung bunga ito ng “pagiging baog, irresposibilidad, hindi pagkakasundo ng mga personalidad, at nakikialam na mga kamag-anak” (barrenness, irresponsibility, incompatible personalities, and interfering relatives), kinakailangan pa ring pag-usapan ang mga ganitong suliranin bilang pamilya at hindi kinakailangan ang agarang desisyon na gagawin. Kung minsan, isinasangguni pa ang mga ganitong pangyayari sa puno (headman) ng mga Sama Dilaut na siyang inaasahang mamagitan sa pag-uusap (Nimmo 113-114). Ito ang pagkukulang ng Thy Womb ni Brillante Mendoza, bukod sa pagsandig nito sa Kristiyanisadong pamagat, binabalangkas nito ang desisyon at pananaw-mundo ng mga taga-labas sa daigdig ng mga Sama Dilaut na pilit isinasantabi sa sentro.

Masasabing karagdagan ang Thy Womb sa lawas ng mga pelikula na nagbibigay ng imaheng eksotiko, romantiko, at sentimental hinggil sa buhay at komunidad sa arkipelago ng Sulu. Kabilang nito ang mga pelikula tulad ng Princess Tarhata ni Jose Domingo Badilla, The Moro Pirate ni Jose Nepomuceno, The Bride of Sulu ni John Nelson, at Zamboanga ni Eduardo de Castro (Deocampo 302-311). Taglay ng mga pelikulang ito ang kagalakan, karikitan, at kapayakan ng “katutubong buhay” sa kapuluan at karagatan ng Sulu na paboritong tinutunghayan sa global na kalakalan ng pelikula sa Estados Unidos. Nararapat ding tandaan na kasabay ng pamamayagpag ng mga pelikulang ito ay ang patuloy din na pag-unlad ng imperyo ng Estados Unidos sa mga galamay nito tulad ng Pilipinas (Tolentino viii).

Ngunit ang pinakalayon ko ay ang makapanayam ang mga tao na bumubuo sa Mussah Productions na lumikha ng maikling pelikula na Manis ma Pikilan (Beauty in My Mind) (2018). Nagwagi ang pelikula sa 2018 Moro Film Festival ng Best Short Film, Best Actor, Best Editing, at Best Cinematography. Hindi gaanong pinag-uusapan sa mga talastasan sa sentrong rehiyon sa Pilipinas ang maikling pelikulang ito kahit na mahalagang konstelasyon ang nililikha nito ukol sa diskurso ng bansa at imperyo. Sa isang opisina sa Mindanao State University – Tawi-Tawi College of Technology and Oceanography namin isinagawa ang muling panood ng Manis ma Pikilan bago ko kapanayamin ang mga bumubuo ng pelikula. Hindi tulad ng ibang pelikula tungkol sa Mindanaw at Sulu na kadalasan ay naghahayag ng digmaan at giyera na nagaganap sa isla rehiyon at karatig na arkipelago, humihiram ng anyong romantiko ang Manis ma Pikilan. Gumagamit ang pelikula ng Sinama Tabawan – isa sa mga dialekto ng wikang Sinama.

Inilalahad sa Manis ma Pikilan ang kuwento ng isang binata na nagngangalang Pahad na nakatira sa Belatan Halo sa isla munisipalidad ng Panglima Sugala. Sa una’y isang masunuring anak si Pahad sa kanyang tatay at nanay, magalang siyang nagpapaalam kung aalis ng bahay. Hindi rin siya madamot sa kung ano ang mayroon siya na lagi niyang inihahandog sa kanyang ina. Isang

araw sa Tabuh-Tabuh Batu-Batu sa Panglima Sugala, habang nagbebenta si Pahad ng mga nakuha niyang tuyom (sea urchin) sa karagatan ng Sulu, nakatagpo niya ang isang magandang dalaga na nagngangalang Manis. Mula noon, hindi na nawala sa isip ni Pahad si Manis. Lagi na siya nitong dinadalaw. Nang sumunod na mga araw, muling nagpakita kay Pahad si Manis sa Tabuh-Tabuh Batu-Batu, at dito siya nagkalakas ng loob upang hingiin ang numero sa cellphone ng dalaga na buong-puso namang ipinagkaloob. Mula sa ipon ni Pahad, bumili siya ng mumurahing cellphone upang makausap si Manis at yayain na muling magkita.

Mayroong 11 isla munisipalidad sa probinsya na ang bawat isa ay maaaring mahulog sa parikala na pinaghihiwalay ng katubigan sa isang banda, o kaya naman ay pinagdudugtong ng katubigan sa kabilang banda. Sa lahat ng ito’y iisa ang realisasyon ko, tama nga si Harry Arlo Nimmo nang banggitin niya sa kanyang aklat na *The Songs of Salanda* na “nakalalasing ang rikit ng mga isla sa Tawi-Tawi” na kung minsang’y maaari nang makulong sa bitag ng romantismo at eksotismo (237). Ngunit sa kabila ng likas na rikit ng mga lugar sa Tawi-Tawi, lumilitaw pa rin kahit na anong pagkukubli, ang maraming taon nang pananamantala, pandarahas, at pagpapabaya.

Isa sa mga unang pinuntahan ko ay ang Badjao Village, isa sa mga lunan sa Bongao kung saan kinunan ng eksena ang pelikulang *Thy Womb* (2012). Binisita ko ang bahay kung saan sinasabing namalagi ang karakter ni Nora Aunor bilang Shaleha na may angking gahom ang mga kamay sa paghabi ng tepoh (banig) at pagtulong sa mga inang nagluluwal ng sanggol sa komunidad ng mga Sama Dilaut. Tadtad ng idioma at ironiya ang karakter ni Shaleha, gumagabay siya sa pagpapaanak ng sanggol ngunit hindi niya mabigyan ng sanggol ang kanyang asawang si Bangas-an. Sa pihit ng naratibo ng pelikula, humanap ang mag-asawa ng magiging ikalawang kabiya ni Bangas-an na maaaring magbigay sa kanila ng supling. Ngunit kalaunan, ito rin ang magsisilbing tunggalian nang hilingin nang bagong asawa na sa sandaling makapagluwal siya ng sanggol ay kinakailangan nang hiwalayan ni Bangas-an si Shaleha. Hitik ang pelikula sa mga elemento ng pelikula na naglulunoy sa matalinghagang imahen at mga tanawing binigyan ng panibagong bihis at estetika sa kuwadro at lente ng kamera. Ngunit kapansin-pansin din ang tila pagkukulang ng pelikula sa pananaliksik sa buhay at haraya ng mga Sama Dilaut lalo na sa aspekto ng ugnayang panlipunan. Halimbawa, bagaman naniniwala ang mga Sama Dilaut sa “magbugit” (divorce) lalo na kung bunga ito ng “pagiging baog, irresposibilidad, hindi pagkakasundo ng mga personalidad, at nakikialam na mga kamag-anak” (barrenness, irresponsibility, incompatible personalities, and interfering relatives), kinakailangan pa ring pag-usapan ang mga ganitong suliranin bilang pamilya at hindi kinakailangan ang agarang desisyon na gagawin. Kung minsan, isinasangguni pa ang mga ganitong pangyayari sa puno (headman) ng mga Sama Dilaut na siyang inaasahang mamagitan sa pag-uusap (Nimmo 113-114). Ito ang pagkukulang ng *Thy Womb* ni Brillante Mendoza, bukod sa pagsandig nito sa Kristiyanisadong pamagat, binabalangkas nito ang desisyon at pananaw-mundo ng mga taga-labas sa daigdig ng mga Sama Dilaut na pilit isinasantabi sa sentro.

Masasabing karagdagan ang *Thy Womb* sa lawas ng mga pelikula na nagbibigay ng imaheng eksotiko, romantiko, at sentimental hinggil sa buhay at komunidad sa arkipelago ng Sulu.

Kabilang nito ang mga pelikula tulad ng Princess Tarhata ni Jose Domingo Badilla, The Moro Pirate ni Jose Nepomuceno, The Bride of Sulu ni John Nelson, at Zamboanga ni Eduardo de Castro (Deocampo 302-311). Taglay ng mga pelikulang ito ang kagalakan, karikitan, at kapayakan ng “katutubong buhay” sa kapuluan at karagatan ng Sulu na paboritong tinutunghayan sa global na kalakalan ng pelikula sa Estados Unidos. Nararapat ding tandaan na kasabay ng pamamayagpag ng mga pelikulang ito ay ang patuloy din na pag-unlad ng imperyo ng Estados Unidos sa mga galamay nito tulad ng Pilipinas (Tolentino viii).

Ngunit ang pinakalayon ko ay ang makapanayam ang mga tao na bumubuo sa Mussah Productions na lumikha ng maikling pelikula na Manis ma Pikilan (Beauty in My Mind) (2018). Nagwagi ang pelikula sa 2018 Moro Film Festival ng Best Short Film, Best Actor, Best Editing, at Best Cinematography. Hindi gaanong pinag-uusapan sa mga talastasan sa sentrong rehiyon sa Pilipinas ang maikling pelikulang ito kahit na mahalagang konstelasyon ang nililikha nito ukol sa diskurso ng bansa at imperyo. Sa isang opisina sa Mindanao State University – Tawi-Tawi College of Technology and Oceanography namin isinagawa ang muling panood ng Manis ma Pikilan bago ko kapanayamin ang mga bumubuo ng pelikula. Hindi tulad ng ibang pelikula tungkol sa Mindanaw at Sulu na kadalasan ay naghahayag ng digmaan at giyera na nagaganap sa isla rehiyon at karatig na arkipelago, humihiram ng anyong romantiko ang Manis ma Pikilan. Gumagamit ang pelikula ng Sinama Tabawan – isa sa mga dialekto ng wikang Sinama.

Inilalahad sa Manis ma Pikilan ang kuwento ng isang binata na nagngangalang Pahad na nakatira sa Belatan Halo sa isla munisipalidad ng Panglima Sugala. Sa una’y isang masunuring anak si Pahad sa kanyang tatay at nanay, magalang siyang nagpapaalam kung aalis ng bahay. Hindi rin siya madamot sa kung ano ang mayroon siya na lagi niyang inihahandog sa kanyang ina. Isang araw sa Tabuh-Tabuh Batu-Batu sa Panglima Sugala, habang nagbebenta si Pahad ng mga nakuha niyang tuyom (sea urchin) sa karagatan ng Sulu, nakatagpo niya ang isang magandang dalaga na nagngangalang Manis. Mula noon, hindi na nawala sa isip ni Pahad si Manis. Lagi na siya nitong dinadalaw. Nang sumunod na mga araw, muling nagpakita kay Pahad si Manis sa Tabuh-Tabuh Batu-Batu, at dito siya nagkalakas ng loob upang hingiin ang numero sa cellphone ng dalaga na buong-puso namang ipinagkaloob. Mula sa ipon ni Pahad, bumili siya ng mumurahing cellphone upang makausap si Manis at yayain na muling magkita.

#### **Treatment and ethical consideration:**

Sa una’y hindi mababanaag ang pandarahas at pagsasamantala sa pelikula. Binibigyang larawan ng pelikula ang likas yaman ng Tawi-Tawi na makikita sa karagatan nito at maliliit na isla. Mayaman ang dagat, sariwa ang hangin, malalim ang ugnayan ng tao at kalikasan. Makikita ang ganda at rikit sa mga eksena, halimbawa, sa tuwing magtatagpo sina Pahad at Manis habang binabaybay ang karagatan at binabagtas ang kapuluan. Sa pelikula, may isang eksena na buong magdamag na nagkasama sina Pahad at Manis: nag-uusap, nagngingitian, nagkakapalagayan ng loob, at nagbabahaginan ng kani-kanilang mga pangarap. Ngunit kinaumagahan, ginising si Pahad ng kanyang ama habang nakahiga ito na nag-iisa sa pampang ng dagat. Pinagalitan si Pahad ng

ama bunsod na rin ng pag-aalala sa kung bakit hindi ito umuwi sa magdamag. Tumugon naman si Pahad na nagpaalam siya sa kanyang ina na hindi makakauwi. Dito na hinarap ng ama si Pahad, dalawang taon nang patay ang kanyang ina dahil sa pagsabog ng dinamita na ginagamit nila noon sa dagat. At mula sa eksenang iyon, dahan-dahan, marahan, bumalik kay Pahad ang mga alaala. Sinisi niya ang sarili sa pagkamatay ng ina kaya't unti-unti siyang nawala sa katinuan. Bunsod ng paninisi sa sarili, nawalan siya ng bait, kung minsa'y nagwawala nang may bitbit na kutsilyo, at kadalasan ay lumilikha ng sariling daigdig.

Si Manis, bagaman totoong tao, ay produkto rin lamang ng daigdig na nilikha ni Pahad. Ilang sandali matapos ang una nilang pagkikita, naging biktima si Manis ng aksidenteng kumitil sa kanyang buhay. Kaya't ang mga sandali na kanilang pagbaybay at pagbagtas sa mga isla at dagat ay nangyayari lamang sa pagharaya ni Pahad. Si Manis – ang karikitan, ang busilak, ang paglaom – ay bahagi lamang ng nilikhang daigdig ni Pahad upang takasan kung ano ang narito at naroon.

Sa unang malas, masasabing payak ang banghay ng Manis ma Pikilan. Kuwento ito ng isang binata na nawala sa katinuan kaya't lumikha ng daigdig sa kanyang isip kung saan nakilala niya ang isang magandang dalaga na si Manis. Maaaring basahin ang pelikula gamit ang lente ng feminismo at sabihing hindi naiiba ang kuwento sa mga naratibo ng patriyarkiya na ang babae ay nananatili sa imahinasyong makalalaki lamang. Ngunit sa palagay ko, kakabit ng pelikula ang masidhing pangangailangan na basahin ito bilang teksto, konteksto, at metodong naghahayag sa kung papaano hinuhubog ng maliliit at basag na piraso ng imperyalismo ang pang-araw-araw na buhay sa sinakop at nilukob na espasyo tulad ng Mindanaw at Sulu.

Nagiging makabuluhan, sa bahaging ito, ang binabanggit ng teorista at iskolar na si Ann Laura Stoler na dalumat ng “giba” at/o “guho” na salin ng salitang Ingles na “ruin” na maaaring gamitin bilang pandiwa at pangngalang pambalana. Sa isang banda, ang pandiwang “giba” at/o “guho” ay marahas na nagbibigay pagpapakahulugan sa aktibong gawi ng “paggiba” at “pagguho” habang sa kabilang banda naman, ang pangngalang pambalana na “giba” at/o “guho” ay tumutukoy sa “natira” o “naiwan.” Mahihinuha, kung gayon, na ang epekto ng imperyo ay nakikipagtalastasan sa iba-ibang panahunan: minsan ay nasa pangnagdaan na kadalasan ay nanunuot sa pangkasalukuyan na kung tutuusin ay maaari ring lumilok kung papaano tatanawin ang panghinaharap. Ito, marahil, ang nagmumulto na mga “bakas” ng imperyo na humuhubog at humuhulma sa sikolohikal at materyal na espasyo kung saan nananahan ang mga indibiduwal at kung papaano umuugnay ang mga “bakas” na naiwan (339-348).



### III. Results and Discussion

Kung babalikan ang Manis ma Pikilan, isang materyal na halimbawa ang pelikula kung papaanong ipinapaliwanag na narito pa rin ang mga bakas, marka, at bahagi ng imperyo – basag na piraso, mga naiwan, mga natira. Nasasadlak sa kahirapan ang mga mamamayan ng arkipelago kaya't napipilitan silang gumawa ng mga labag sa batas at tuntunin o kaya'y marahas na pamumuhay tulad ng pagdidinamita. Ang pagkamatay ng ina ni Pahad na nagbunga ng kanyang kabaliwan ay isang sintomas ng pananamantala at pagmamalupit ng isang sistemang nagdurusa sa sugat na iniwan ng kasaysayan. Mababatid din sa pelikula ang hindi pantay na alokasyon sa iba-ibang batayang pangangailangan sa isla rehiyon at karatig na arkipelago, patunay dito ang kawalan ng maayos na pagtukod at pagtaguyod sa mga tulad ni Pahad na nagdurusa sa isang sikolohikal na sakit. Sa buong lalawigan ng Tawi-Tawi na binubuo ng 11 isla munisipalidad na nangangailangan pa ng bangka bago makatawid, mabibilang lamang ang mga ospital na maaaring maging pasilidad para sa pagbibigay lunas. Nariyan ang Datu Halun Sakilan Memorial Hospital sa Bongao, Datu Alawaddin Bandon, Sr. Memorial Hospital sa Sibutu, at ilang maliliit na klinika. Nangangahulugan ito na nagdurusa ang ibang isla munisipalidad sa hindi pagkakaroon ng mga ospital; kinakailangan pa nilang tumawid sa kabilang ibayo upang hanapan ng lunas ang kanilang iniindang sakit.

Maaaring sabihin na sumusunod ang sinapit ng karakter ni Pahad sa Manis ma Pikilan sa pananaw ng postkolonyal na iskolar na si Frantz Fanon hinggil sa “bahid ng pagkabulok” (tinge of decay) – isang hindi mabura-burang marka na namamayani sa mga nilukob na bansa at tao. Minamapa ni Fanon ang marka ng kabulukan sa dalawang aspekto: una, ang dumadapo na patolohikal at mental na suliranin na pinagdurusahan ng tao na nawawala sa kanyang katinuan; at pangalawa, ang materyal at pisikal na pagkawasak ng kung ano ang natatanaw sa paligid (249-252). Ang kinahinatnan ni Pahad, isang binatang Moro sa isang isla na kinaligtaan sa pambansang aspirasyon ng estado bunsod ng hindi matapos-tapos na sigalot, ay patunay sa pagkawasak ng indibiduwal bunga ng sistemang sumisiil sa karapatan at kalayaan. Hindi man tuwirang ipakita sa pelikula, taglay ng Manis ma Pikilan ang latay na “dumadaloy” at “umaagos” sa mga imaheng gumagalaw.

#### Discussion

Ginagamit ko ang “daloy” at “agos” bilang katambal ng “alon” sa karagatan na pumapaligid sa kapuluan. Naroon pa rin sa isla rehiyon ng Mindanaw at karatig na arkipelago ng Sulu ang “daloy” at “agos” ng “alon” ng imperyo. Animo'y isang “kritikal na katha” (critical fabulation), tulad ng binabanggit ni Saidiya Hartman nang basagin niya ang dalumat ng arkibo, ang Manis ma Pikilan lalo na sa paraan ng pagkukuwento nito ng dumadaloy na agos ng alon ng imperyo na kakabit ng sanlaksang digmaan at kontradiskyon (11-12). Mula sa larawan ng pagpatay sa Bud Dajo na tumutulay sa kontemporaryong biswal na kultura ng pelikula sa Manis ma Pikilan, mababanaag ang mga danas na labas sa parametrong idinidikta ng maka-kolonyal at maka-imperyong arkibo at kasaysayan na matagal nang natapos ang imperyo. Nakamarka sa katubigan

ang titik ng imperyo. Naroon ito at narito sa pang-araw-araw na buhay sa komunidad sa isla rehiyon at karatig na arkipelago na tinitiiis, nilalabanan, at binabaka sa bawat kulog at kidlat, unos at sigwa, may bagyo ma't may rilim.

#### REFERENCES

- [1] Abreu, Lualhati Milan. *Bangsamoro sa Malapitan: Pagpupunyagi sa Sariling Pagpapasya*. Center for People Empowerment in Governance, 2011.
- [2] Arguillas, Carolyn O. Q & A with Jibin Arula: 41 years after the Jabidah Massacre. *MindaNews: This is Our Mindanao*, 15 Marso 2009, <https://www.mindanews.com/top-stories/2009/03/q-and-a-with-jibin-arula-41-years-after-the-jabidah-massacre/>
- [3] Bacevich, Andrew J. What happened at Bud Dajo: A forgotten massacre and its lessons. *Boston Globe*, 12 Marso 2006, [http://boston.com/news/globe/ideas/articles/2006/03/12/what\\_happened\\_at\\_bud\\_dajo/](http://boston.com/news/globe/ideas/articles/2006/03/12/what_happened_at_bud_dajo/)
- [4] Campomanes, Oscar V. "The New Empire's Forgetful and Forgotten Citizens: Unrepresentability and Unassimilability in Filipino-American Postcolonialities." *Critical Mass* vol 2, no. 2, 1995.
- [5] *Figures of the Unassimilable: American Empire, Filipino American Postcoloniality, and the US-Philippine War of 1898-1910s*. 2011. Brown University, PhD disertasyon.
- [6] Hartman, Saidiya. "Venus in Two Acts." *Small Axe* Number 26, vol. 12, no. 2, 2008.
- [7] Hawkins, Michael C. "Managing a Massacre Savagery, Civility, and Gender in Moro Province in the Wake of Bud Dajo." *Philippine Studies Journal*, vol 59, no. 1, 2011.
- [8] *Manis ma Pikilan. Idinirek ni Bhas Abdulsamad*. Mussah Productions, 2018.
- [9] Nimmo, Harry Arlo. *The Songs of Salanda*. Ateneo de Manila University Press, 1994.
- [10] *Magosaha: An Ethnography of the Tawi-Tawi Sama Dilaut*. Ateneo de Manila University Press, 2000. "Translation by Professor Conklin of the Deed of 1878 in Arabic characters found by Mr.
- [11] *Quintero in Washington*." *Official Gazette of the Republic of the Philippines*, 1878, <https://www.officialgazette.gov.ph/1878/01/22/philippine-claim-to-north-borneo-vol-i-translation-by-professor-conklin-of-the-deed-of-1878-in-arabic-characters-found-by-mr-quintero-in-washington/>
- [12] Schoofs, Steven and Francisco J. Lara, Jr. "Introduction." *Out of the Shadows: Violent Conflict and the Real Economy of Mindanao*. Ateneo de Manila University Press, 2016.
- [13] *Thy Womb. Idinirek ni Brillante Mendoza*. Center Stage Productions, 2012.
- [14] Tolentino, Rolando B. "Introduction." *Geopolitics of the Visible: Essays on Philippine Film Cultures*. Ateneo de Manila University Press, 2000.
- [15] Villanueva, Starjoan D. "Cross-border Illicit Trade in Sulu and Tawi-Tawi: The Coexistence of Economic Agendas and Violent Conflict." *Nasa Out of the Shadows: Violent Conflict and the Real Economy of Mindanao*. Ateneo de Manila University Press, 2016.